# LAYOVER
Limang Tula

Karl Isaac Santos

## Paggagayat

"I've long believed that good food, good eating, is all about risk. Whether we're talking about unpasteurized Stilton, raw oysters or working for organized crime 'associates,' food, for me, has always been an adventure." - Anthony Bourdain (1956 - 2018)

Marahil, may alaala ang kutsilyo
Sa higpit o luwag ng pagkapit,
Sa puwesto ng daliring gagabay
Sa talim, sa galaw ng pulsúhan.
Hindi lámang sa mga kamay naiiwan
Ang danas ng paghiwa. Sa isip,
Lutô na ang pagkain,
Kayâ alam natin kung alin,
Ilan, at ano ang rekadong kailangan.
May isa pang kaluluwa ang kusinero— Nakalaan
Sa pagpili at paggayat ng sangkap.
Madalas, ang paggayat ay mula sa gitna,
Mayroon man o walang gitna,
Alam natin kung saan padadaanin
Ang talim. Dumádalíng tungkabin
Ang balát sa ganitong paraan,
Katulad kung paano natin
Pinatutulóy ang mga tao sa ating búhay.
At katulad ng ating pákay sa mga nagsitulóy,
Iniaayon natin sa lulutuin kung paano
Ang hiwa: Pahaba't manipis, o kuwadrado't maliit;
Ganito natin gustong lumigaya, o ganito natin gustong manatili.
Palaging darating ang tagpo na kailangang
Padausdusín ang daliri sa lapad ng kutsilyo—

Bago dumating sa talim. May punto
Kung kailan ilalagay ang mga sangkap
sa iniluluto. Ang alaala, ang kaluluwa,
at ang mga pinili nating sangkap.
Mahiwa man o hindi,
Mag-ingat sa álat
Ng luha ng tao.
###

## How To Hugot

Sa start, s'yempre naliligaw ka dapat sa biglaang turn sa road na tinahak. Kumbaga, doon ka lagi sa the-road-not-taken. Hindi mo alam kung ano man ang hinuhugot mo: relasyon, pagkakakilala, hiwalayan, third-party, or Bes-with-benefits.

Usually sisimulan mo sa linyang "Hindi ko alam kung paano nagsimula." Sabay banat ng word play, Like "ikaw, tayo", "tayo, ikaw". Alam mong nagpe-play na ang words kapag may indescribable rhythm na lumalabas kasabay ng same-old feelings.

S'yempre, dapat may formula like telenovela. You can choose kung The-victim or the left-behind ang formulang gagamitin. Kahit pa sobenista ka in-the-making, or free-spirited woman, remember, kahit pa ikaw ang may hawak ng kutsilyo't unang nanaksak, ikaw dapat ang lalabas na duguan.

Nakasalang din dapat sa trampoline ang mga imagery, tumatalon-talon like bola ng beer pong, you don't know kung saan magfa-fall, kung sa baso o sa bowl. Pero it doesn't matter, isasalang mo din naman ang lahat ng iyan sa emosyonal na blender.

At finally, kung hindi mo alam kung paano kayo nag-start, hindi mo rin dapat alam kung paano kayo nag-end. Sabay let go ng linyang dapat ay dati mo pang ini-let go. Yung tipong nahulí ka ng bitaw sa karera ng Tamiya.

By the way, if all else fails, bawi ka na lang sa hand-gestures at sa nangangatog na tone ng boses.
Iyon ang sikreto ng vibrator.
###

# Senakulo sa Taglamig

Sa pabása sa isang lumang palengke,
Naroon ang adik na kristo,
Nakaluhod sa naghálong durâ at natunaw na niyebe.
Nagnanakaw ng pahinga mula sa pagpasan ng krus
Sa harap ng mga namamaos na matatanda
Na umaawit ng saknong mula sa Pasyóng Mahal.
Nagsasalitan naman sa iisang sigarilyo ang mga binatang
Nagsiganap na sundalong Romano. Sa pagbugá nila ng usok,
Nagsisiihip sa kanilang mga palad ang mga umuusyosong paslit.
Nalilito ang malamig na hangin sa salimbayan ng kamatayan at búhay.
Matapos ang pagbasa, gaganap ang Pilato.
Hahatulan ang giniginaw na kristo—
Walang katapusang hatol ng kamatayan
Hanggang may mga nagdarasal at nananalig.
Senyales ito na tulóy ang pagtaltál ng kristo
Sa puting impiyerno ng taglamig.
Sa muling pag-usad ng prusisyon,
Kailangang hukayin ng yapák na mesiyas
Ang aspaltong inilibing ng niyebe
Upang hindi mabalahò ang krus.
Nangingimî namang pumalò sa likod ng kristo
Ang mga romano sa tákot na maputulan ng bisig.
Malayu-layô pa ang susunod na pabása
Nang dagling matigil ang prusisyon.
Naputol ang nangingitim na binti ng kristo
Sa frostbite bago pa man tumarak sa bungo
Ang mga nagsasatiník na yelo sa karánda.
Dismayadong nagsiuwi ang mga nanonood.
Ganoon daw talaga simula nang lumamig,

Hinding-hindi mararating ang Golgotha.
###

# Ang Bawat Isa ay Nais ng Piraso ni Van Gogh

"A great fire burns within me, but no one stops to warm themselves at it, and passers-by only see a wisp of smoke" - Vincent Willem Van Gogh (1953 - 1890)

Sa luklukan ng mga likha mo, nag-iikot ang mga taong kumusta-at-paalam.
Pawang mga estranghero sa iyo, subalit kilala ka nila sa iyong mukha,
Sa iyong hagod sa kambas, sa iyong kulay. Titíg na titíg ka
Sa kanilang pagkakatítig sa iyo, habang sinusubukan nilang buoin
Ang kanilang mga sarili sa iyo. Subalit, walang likha mo ang makabubuo sa kanila.
Nais nila ng piraso mo na kanilang maiuuwi't mapaglalamayan.
Nais nilang saniban ng tingkad ng mga tinatangi mong mirasol,
O mabusog sa mga patatas na inihain mo sa mga pobre.
Nais nilang lakarin ang nilakad ng iyong lumang bota,
O sundan ang pag-alis ni Gauguin upang ituloy ang kaniyang paysahe.
Hinahanapan din nila ng halimuyak maging iyong mga liryong
Hindi malinaw kung kabubukadkad lang o mga nagsipagsuko na sa taglagas.
Ang totoo'y sa mga mabituin na gabi ka lámang nila nais na samahan,
At hindi sa tag-araw ng mga uwak na labis mong inaasam.
Sa kanilang paglabas, nagising sila mula sa iyong panaginip.
Bulung-bulungan ka nila, tangan at di mabitawan
Ang naputol mong tainga.
###

## Vintage Bomb

(Sunod sa Bomb Hugger ni Banksy)




May iniwang pabáon sa atin
ang pandaigdigang giyera. Nakabaón na
Bombang naghihintay tamaan ng píko o pála.
Natutulog sa ilalim ng pagód na siyudad
Sa ibabaw ng hindi natutulog na siyudad.
Doon ay nahihimbing ang dahas ng nakalipas:
Pagpatay, panggagahasa, pagnanakaw.
Sa paghuhukay ng pagtitirikan ng pundasyon
Ng itinatayong bagong lipunan,
Nasalíng nila ang túlog-mantikang bomba.
Tinubuan na ng mga ugat.
Tumitibok. Kahit kailan ay hindi
Sasabog.
###

Kuhang larawan ng Bomb Hugger mula sa: http://www.blogs.buprojects.uk/2015-2016/rachelrichardson/2015/11/22/bomb-hugger-by-banksy/